



## Ano ang Cascade Screening?

Ang cascade screening ay ginagamit para sa mga genetic na kondisyon para suriin ang mga miyembro ng pamilyang posibleng nanganganib din. Puwedeng magkakaiba ang panganib para sa bawat genetic na kondisyon at kung paano ito naipapasa.



## Bakit Mahalaga ang Cascade Screening?

- **Maagap na natutukoy ang panganib:** Natutukoy ang mga namamanang kondisyon bago pa lumitaw ang mga sintomas.
- **Gumagabay sa pag-iwas:** Hinihikayat ang maagap na aksyon para maprotektahan ang pangmatagalang kalusugan.
- **Binibigyang-kakayahan ang mga pamilya:** Nakakatulong sa mga pamilya na maunawaan ang magkakapareho nilang panganib at makagawa ng mga tamang desisyon nang sama-sama.

## Paano Nakakatulong ang Cascade Screening sa Lp(a)?

Ang mataas na Lp(a) ay kadalasang salik na panganib sa sakit sa puso at stroke na nakabatay sa genetics. **Nakakatulong ang cascade screening sa pagtukoy ng matataas na level sa malalapit na miyembro ng pamilya, gaya ng mga magulang, kapatid, at anak.** Kung maagap na malalaman ng mga miyembro ng pamilya ang kanilang mga level, makakagawa sila ng mga aksyon para mapababa ang kanilang mga panganib.

## Ano ang Susunod Kong Dapat Gawin?

### 1. Magpa-test para sa Lp(a)

Inirerekomenda ng mga kasalukuyang alituntunin na **magpa-test ng Lp(a) ang bawat adult nang kahit man lang isang beses sa buong buhay nila.** Hindi kasama sa standard cholesterol panel ang test na ito. Humingi sa doktor mo ng simpleng Lp(a) blood test para malaman ang iyong level.

### 2. Umaksyon Kung Mataas ang Lp(a) Level Mo

Kung mataas ang level mo, posibleng matataas din ang level ng mga magulang, kapatid, o anak mo. Sabihan sila para ma-test din sila. Maipapaliwanag ng iyong doktor kung ano ang ibig sabihin ng level mo at kung paano mo mapapababa at ng pamilya mo ang panganib sa sakit sa puso at stroke.